SAN FRANCISCO
SFUSD
UNIFIED SCHOOL DISTRICT

Mga LIBRE na Serbisyong Pagsasalin at Interpretasyon

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring humingi ng libreng indibiduwal na mga serbisyong pagsasalin o interpretasyon sa kanilang lugar ng paaralan at/o sa departamento ng Distrito sa pagsagot sa sumusunod na mga pormularyo ng Kahilingan para sa Tulong sa Pangunahing Lengguwahe. Ang mga pormularyo ay maaaring kumpletuhin sa inyong lengguwahe sa tahanan at ibalik sa sentrong opisina ng inyong paaralan, Sentrong Opisina ng SFUSD (555 Franklin Street, bulwagan ng unang palapag) o Mga Suportang Serbisyo sa Estudyante (555 Portola Drive, Bungalow #1).

Kung mayroon kayong reklamo tungkol sa mga serbisyong pagsasalin/interpretasyon, maaari ninyong kumpletuhin ang pormularyo ng reklamo sa inyong lengguwahe sa tahanan at ibalik ito sa sentrong opisina ng inyong paaralan, Sentrong Opisina ng SFUSD (555 Franklin Street, bulwagan ng unang palapag) o Mga Suportang Serbisyo sa Estudyante (555 Portola Drive, Bungalow #1).

Lahat ng mga pormularyong ito ay makukuha sa mga lugar ng paaralan, Sentrong Opisina ng SFUSD, o Mga Suportang Serbisyo sa Estudyante at sa pahina ng “Magulang” ng www.sfusd.edu. Para sa karagdagang impormasyon o tulong, maaari kayong mag-iwan ng mensahe sa pagtawag sa **415-522-7343**.

Ang mga di-taga distritong kuwalipikadong taga-interpreta (kabilang ang mga estudyante at iba pang mga bata) ay hindi maaaring gamitin para sa interpretasyon, maliban sa mga emerhensiyang situwasyon.